

Pamimili ng Programa ng Pangangalaga sa Bata

Ang pagpili ng programa para sa iyong anak ay napakapersonal para sa bawat pamilya. Tumutugma sa personalidad, mga gusto at hindi gusto, kalusugan, interes at pag-uugali ng iyong anak ang pinakamahusay na programa. Mahalaga ring isaalang-alang ang paghahanap ng pangangalaga sa bata na gumagalang sa kultura at paniniwala ng iyong pamilya. Dahil napakaraming pagpipilian sa pangangalaga sa bata, maghanap ng programang tumutugon sa mga pangangailangan at iskedyul ng iyong pamilya, nagbibigay ng ligtas at masayang kapaligiran para sa iyong anak, at nakakatulong din sa kanyang matuto, lumaki at magkaroon ng mga ugnayan sa ibang tao.

Mahalaga ang mga pagpapasya tungkol sa pangangalaga sa bata. Tingnan natin ang ilan sa mga sumusunod na pagpipilian sa pangangalaga sa bata:

1. Mga Programang Pang-nursery □ Iniaalok ang mga programang pang-nursery sa part-time na batayan para sa mga bata na karaniwang tatlo hanggang apat na taong gulang. Kadalasang tumatakbo ang mga programa sa umaga at sumusunod sa sampu o labing-isang buwang iskedyul bawat taon. Maaaring sarado ang mga ito sa loob ng isa o dalawang buwan sa panahon ng tag-araw. Maaaring ialok ang mga programa nang 2-5 araw bawat linggo para sa 2 ½ hanggang 3 oras na programa. Hindi inaasahang samahan ng magulang ang anak. Magbibigay ang programa ng hanay ng mga aktibidad gaya ng mga likhang-sining, sensory, malayang paglalaro, gross motor at mga larong panggrupo gaya ng mga music circle. □ **Nag-aalok ang mga programang pang-nursery ng iba pang mga pakinabang kasama ang:**

- pagtuon sa edukasyon

- mga kasanayan sa pakikisalamuha ng mga bata
 - paghahanda para sa pag-aaral sa elementarya o kindergarten
2. **Mga Center ng Pangangalaga sa Bata (Daycare)** □ Nag-aalok ang mga center ng pangangalaga sa bata (daycare) ng mga balanseng programa ng mga aktibidad para sa mga sanggol (0 hanggang 18 buwan), toddler (18 buwan hanggang 2.5 taon), pre-school (2.5 hanggang 5 taon), at mga batang pumapasok sa paaralan (6 hanggang 10 taon). Natututo at lumalaki ang mga bata habang nakikipagkaibigan sa iba pang mga batang may parehong edad. □ Nag-aalok ang mga center ng pangangalaga sa bata ng programa para sa isang buong araw, karaniwang nag-aalok ng hindi bababa sa 9 na oras ng pangangalaga. Bukas buong taon ang mga center ng pangangalaga sa bata; maaaring magsara ang ilan para sa nakatakdang dalawang linggong panahon sa tag-araw para sa bakasyon. Ibinabatay ang mga bayarin sa kung aling pangkat ng edad nabibilang ang iyong anak. Ang mga espasyo para sa sanggol ang pinakamahal. Nag-aalok din ang maraming center ng pangangalaga sa bata ng pangangalaga bago at pagkatapos pumasok sa paaralan. □ **Nag-aalok ng iba pang mga bentahe ang pangangalagang batay sa center:**
- kasama sa mga kawani ang mga propesyonal na may pagsasanay sa pagtuturo sa maagang bahagi ng pagkabata
 - idinisenyo para sa mga bata na nasa iba't ibang antas ng paglaki ang mga aktibidad
 - idinisenyo para sa mga bata ang lugar
 - naaangkop para sa edad ang mga laruan at kagamitan sa palaruan at pinili habang iniisip ang kaligtasan at kasiyahan ng mga bata
3. **Pangangalaga sa Bata sa Bahay** □ Ibinibigay ang pangangalaga sa bata sa bahay sa setting na katulad sa isang pamilya para sa mga sanggol, toddler, pre-school, at mga batang pumapasok sa paaralan. Maaaring alagaan nang magkasama ang mga batang nagmumula sa parehong pamilya,

kadalasan sa kanilang sariling kapitbahayan, at malapit sa paaralan at mga kaibigan. Ang mga oras ng pangangalaga ay maaaring iangkop at itugma upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal na pamilya. Tandaang may lisensya ang ilang provider ng pangangalaga sa bata sa bahay at ang ilan ay wala. Tingnan natin ang ilan sa pakinabang sa may lisensyang pangangalaga sa bata sa bahay. □ Sinisiyasat ng Ontario Ministry of Children and Youth Services ang mga may lisensyang ahensya ng pangangalaga sa bata sa bahay nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon. Kukuha ang mga ahensya ng mga indibidwal na caregiver na gumagamit ng kanilang mga bahay upang mag-alaga ng hanggang limang bata. Ang mga caregiver na ito, na karaniwang tinatawag na mga provider, ay binabantayan ng mga bumibisita sa bahay na galing sa ahensya. □ Tinitiyak ng mga bumibisita sa bahay na may pagsasanay sa paglaki ng bata at mga pag-aaral sa pamilya na sinusunod ng mga provider ang mga inaprubahang patakaran at pamamaraan ng ahensya at natutugunan ang mga kinakailangan ng Day Nurseries Act. □ **Maraming bentahe ang pangangalaga sa bata sa bahay na ibinibigay sa pamamagitan ng may lisensyang mga ahensya:**

- may access ang mga provider sa mga pagkakataong matuto at iba pang mga suporta sa pamamagitan ng kanilang mga ugnayan sa mga ahensya ng pangangalaga sa bata sa bahay
- tinutulungan ng mga bumibisita sa bahay ang mga provider na magplano ng mga aktibidad para sa mga bata na nasa iba't ibang antas ng paglaki
- nagbibigay ng payo ang mga bumibisita sa bahay tungkol sa masustansyang pagpapalano ng pagkain at mga nakasanayang gawain
- sinusuri ng mga bumibisita sa bahay ang paligid ng bahay upang makatiyak na wala itong mga bagay at materyal na mapanganib
- madalas nagpapahiram ang mga ahensya sa mga provider ng kasangkapan sa bahay na para sa bata at maaaring mag-

supply ng mga laruan at kagamitan na pinili habang iniisip ang kaligtasan at kasiyahan ng mga bata

4. Minsan ay tinutukoy bilang walang lisensyang pangangalaga sa bata sa bahay ang mga serbisyo ng pangangalaga sa bata na iniaalok ng independent na caregiver. Isa pa itong pagpipilian para sa pangangalaga sa bata, ngunit tandaang hindi ito pinapamahalaan. Ang lahat ng aspeto ng mga iniaalok na serbisyo ng mga independent na caregiver gaya ng mga oras ng pagpapatakbo, bayarin, patakaran, at pilosopiya, ay tinutukoy ng caregiver, o indibidwal na pinag-uusapan o tinatalakay kasama ang mga magulang. Maibibigay ng mga kamag-anak, kaibigan, kapitbahay, o yaya ang walang lisensyang pangangalaga sa bata.

5. **Mga Espesyal na Programa ng Pangangalaga sa Bata** May iba't ibang espesyal na programa ng pangangalaga sa bata na ibinibigay na pang-buong araw, kalahating araw o mga programang pang-nursery. Nakabukod ang ilang espesyal na programa (available lang para sa mga batang may mga espesyal na pangangailangan) at sama-sama naman ang iba kung saan kasama ang mga batang may iba't ibang kakayahan. **Maraming pakinabang sa mga programang ito, kasama ang:**

- nag-aalok ang ilang programa ng mga espesyal na serbisyo, gaya ng physiotherapy, occupational therapy, at therapy sa pananalita at wika
- mga kawani na may espesyal na pagsasanay upang makapag-alaga ng mga batang may mga espesyal na pangangailangan
- mas maliliit na pangkat

Paano pinapamahalaan ang mga programa ng pangangalaga sa bata?

Kapag iniisip ang tungkol sa mga pagpipilian sa pangangalaga sa bata, tandaan na sa Ontario, dapat ay nabigyan ng lisensya ng

Ministry of Children and Youth Services ang lahat ng center ng pangangalaga sa bata, sa ilalim ng batas ng probinsiya na tinatawag na Day Nurseries Act.

Nagtatakda ang Act ng mga napakatukoy na panuntunan, regulasyon at minimum na pamantayan na dapat sundin ng mga center sa pagpapatakbo upang makakuha at makapagpanatili ng lisensya. Idinisenyo ang karamihan sa mga regulasyon ng Act upang tiyakin ang kalusugan at kaligtasan para sa mga bata. Bilang karagdagan, nauugnay ang ilang regulasyon sa pagtulong sa mga bata upang umunlad at matuto.

Ang sumusunod ay isang listahan ng kung paano binabalangkas ng Act ang nakatakdang dami o bilang ng mga kinakailangang empleyado upang mapangalagaan ang isang partikular na bilang ng mga bata. Nalalapat ang mga panuntunang ito sa lahat ng pangangalagang batay sa center.

- Mga Sanggol(0 hanggang 18 buwan): 1 empleyado para sa bawat 3 sanggol (1:3)
- Mga Toddler (18 buwan hanggang 2.5 taon): 1 empleyado para sa bawat 5 toddler
- Pre-school (2.5 hanggang 5 taon): 1 empleyado para sa bawat 8 preschooler
- Pumapasok sa paaralan (6 hanggang 10 taon): 1 empleyado para sa bawat 15 batang pumapasok sa paaralan

Pinapamahalaan din sa ilalim ng Day Nurseries Act ang pangangalaga sa bata sa bahay. Ang mga ahensyang nagbibigay ng serbisyo ng pangangalaga sa bata sa bahay ay mayroon ding mga tukoy na patakarang sinusunod ng mga provider ng bahay.

Pagtatasa sa Mga Pangangailangan ng Iyong Pamilya

Bahagi ng pamimili ng pinakamahusay na pagpipilian sa pangangalaga sa bata para sa iyong anak ang pagsisimula sa

pamamagitan ng pagtatasa sa mga pangangailangan ng iyong pamilya.

Isaalang-alang ang ilan sa mga sumusunod:

- Gaano ko katagal kakailanganin ang pangangalaga sa bata? (hal., tuwing umaga o hapon lang, buong araw, bago at pagkatapos pumasok sa paaralan)
- Kailan ko kakailanganin ang pangangalaga sa bata? (hal., kaagad, sa loob ng ilang buwan)
- Saan ko gustong nakapuwesto ang pangangalaga sa bata? (hal., malapit sa bahay, trabaho, paaralan)
- Paano ko dadalhin ang aking anak sa pangangalaga sa bata? (hal., maglalakad, sasakay ng bus, kotse)
- Anong uri ng pangangalaga ang hinahanap ko? (hal., programang pang-nursery, center ng pangangalaga sa bata, pangangalaga sa bata sa bahay, espesyal na programa)
- Mangangailangan ba ako ng subsidiya o tulong pinansyal upang bayaran ang mga bayarin?

Sa sandaling alam mo na ang mga pangangailangan ng iyong pamilya, masisimulan mo nang galugarin ang mga mapagkukunan ng pangangalaga sa bata sa iyong lugar. Available ang impormasyon tungkol sa mga center ng pangangalaga sa bata, programang pang-nursery, o ahensyang may mga provider ng pangangalaga sa bata sa bahay sa iyong komunidad mula sa:

- mga yellow page ng direktoryo ng telepono sa ilalim ng Pangangalaga sa Bata o Day Care
- mga ad sa pahayagan, bulletin board
- mga lokal na tanggapan ng Ministry of Children and Youth Services
- mga center ng impormasyon ng komunidad, center ng mapagkukunan ng pangangalaga sa bata, silid-aklatan, simbahan
- departamento ng human resources sa trabaho

- mga kaibigan, kapitbahay, kamag-anak, katrabaho

Pagsasagawa ng Unang Pakikipag-ugnayan

Isang tawag sa telepono ang malamang na maging una mong pakikipag-ugnayan sa mga center ng pangangalaga sa bata, ahensya, o programang pang-nursery sa iyong listahan. Kapag tumawag ka, hilinging makipag-usap sa direktor o supervisor dahil maaaring sa taong iyon ka makipagsaayos ng pangangalaga. Kung hindi available ang direktor o supervisor, humingi ng maluwag na panahon upang tumawag muli.

Bago tumawag sa mga center ng pangangalaga sa bata o programang pang-nursery, magandang ideya na gumawa ng listahan ng mga tanong. Kung ginamit mo ang parehong listahan para sa bawat tawag, maihahambing mo ang mga sagot mula sa bawat pagpipilian at tanggalin ang mga center ng pangangalaga sa bata na malinaw na hindi tumutugon sa mga pangangailangan ng iyong pamilya.

Maaaring kasama sa iyong mga tanong ang:

- Sa anong mga oras kayo bukas?
- Anu-anong edad ng mga bata ang binibigyan niyo ng pangangalaga?
- Ilang bata ang nasa isang pangkat?
- Ilang miyembro ng kawani ang nag-aalaga para sa bawat pangkat?
- Anong pagsasanay mayroon ang mga kawani?
- Hinihikayat bang pumunta ang mga magulang?
- Magkano ang babayaran? Mayroon bang anumang mga karagdagang pagsingil? May pagsingil ba kapag may sakit o nagbabakasyon ang mga bata?
- May bayarin ba sa aplikasyon?
- Available ba ang subsidiya sa bayarin?
- Bukas ba kayo buong taon o may anumang mga nakatakdang panahon ng pagsasara?
- Mayroon ba kayong waiting list?

- Ano ang inyong patakaran o mga tagubilin para sa pagtanggap ng mga batang may mga espesyal na pangangailangan?
- Mayroon ba kayong mga suporta o mapagkukunan para sa mga batang may mga espesyal na pangangailangan?

Kung nagustuhan mo ang mga sagot ng direktor o supervisor sa iyong mga tanong, humiling ng appointment upang bisitahin ang center. Dahil mahalagang makapaghambing ng dalawa o higit pang mga center, ipagpatuloy ang pagtawag sa iba pang mga center sa iyong listahan. Itanong ang mga parehong tanong at magtakda ng mga appointment upang bumisita.

Kung interesado ka sa pangangalaga sa bata sa bahay, maghanap ng ahensyang nagbibigay ng serbisyong ito at hilinging makausap o makita ang direktor at/o bumibisita sa bahay na siyang magbabantay sa provider ng pangangalaga sa bata sa bahay. Magandang ideya na gumawa ng listahan ng mga tanong. Kung ginagamit mo ang parehong listahan para sa bawat isa, tumawag upang maihambing mo ang mga sagot mula sa bawat pagpipilian at tanggalin ang mga ahensyang malinaw na hindi tumutugon sa mga pangangailangan ng iyong pamilya.

Maaaring kasama sa iyong mga tanong ang:

- Paano pinipili ang mga provider ng bahay?
- Maaari ko bang bisitahin ang bahay ng provider? Maaari ba akong bumisita sa mahigit sa isang provider?
- May iniaalok ba ang ahensya sa mga provider na mga pagkakataon ng pagsasanay?
- Gaano kadalas nakikita ng mga bumibisita sa bahay ang mga provider?
- Paano nakikipag-ugnayan ang ahensya sa mga magulang at paano binibigyan ng mga provider ang mga magulang ng impormasyon tungkol sa kanilang mga anak?
- Magkano ang babayaran? Mayroon bang anumang mga karagdagang pagsingil? May pagsingil ba kapag may sakit o nagbabakasyon ang mga bata? May bayarin ba sa aplikasyon?

- Available ba ang subsidiya sa bayarin?
- Bukas ba kayo buong taon o may anumang mga nakatakdang panahon ng pagsasara?
- Mayroon ba kayong waiting list?
- Ano ang inyong patakaran o mga tagubilin para sa pagtanggap ng mga batang may mga espesyal na pangangailangan?
- Mayroon ba kayong mga suporta o mapagkukunan para sa mga batang may mga espesyal na pangangailangan?

Pagbisita sa Programa

Kapag bumibisita sa mga center ng pangangalaga sa bata, programang pang-nursery, o provider ng bahay, mahalagang pag-isipan ang tungkol sa paraan kung paano ka tinanggap at paano sinagot ang iyong mga tanong. Maglaan ng oras sa pakikipag-uusap sa mga kawani na mag-aalaga sa iyong anak at tiyaking oobserbahan ang programa sa loob ng sapat na panahon upang magkaroon ng malinaw na opinyon. Gumawa ng mga tala sa panahon ng panayam at/o gamitin ang checklist na makikita sa dulo ng dokumentong ito – isa para sa pagbisita sa mga center ng pangangalaga sa bata at programang pang-nursery, at isa pa para sa pagbisita sa mga provider ng pangangalaga sa bata sa bahay.

Bilang magulang, nais mong matiyak na natatanggap ng iyong anak ang pinakamahusay na posibleng pangangalaga na punong-puno ng pagmamahal at pag-unawa. Pagkatapos ng iyong mga pagbisita, paghambingin ang iyong mga tala at pag-isipan ang tungkol sa ahensya, sa (mga) bahay, center ng pangangalaga sa bata, o programang pang-nursery na iyong nakita habang iniuugnay sa mga pangangailangan sa pangangalaga sa bata ng iyong pamilya.

Checklist ng Pagbisita sa Center ng Pangangalaga sa Bata/Programang Pang-nursery

Dalhin ang [checklist](#) na ito kapag bumibisita sa mga center ng pangangalaga sa bata o programang pang-nursery, at isaalang-alang

ang mga sumusunod na elemento ng may kalidad na pangangalaga sa bata. Sa panahon at/o kasunod ng iyong pagbisita sa programa, suriin ang bawat seksyon. Gamit ang checkmark, isaad kung naaangkop para sa iyong anak at pamilya ang iyong nakita sa panahon ng iyong pagbisita.